

Paninindigan Ko, Responsibilidad Ko

Panuto: Muli, balikan mo ang iyong naging sagot sa pangunahing gawain. Suriin mo kung ito ay tama at angkop batay sa mga napag-usapan natin sa klase—tungkol sa mga wastong paraan ng pagtupad sa pansariling responsibilidad, ang positibong bunga ng mabuting pagkilos, at ang kahalagahan ng matibay na paninindigan sa mga isyung panlipunan na may kinalaman sa dignidad ng tao.

Ang Pangyayari



Sitwasyon

Isang hapon matapos ang klase, nanatili si Angela sa loob ng silid-aralan. Tahimik ang paligid, pero maingay ang kanyang isipan. Hindi niya matanggal sa isip ang pangyayaring naganap kanina.

Habang hinihintay ang guro, napansin niyang may ilang kaklase na palihim na nagvi-video kay Jomar habang ito'y naglalakad papunta sa kanyang upuan. Tahimik si Jomar, ngunit halatang naiilang at nahihiya. Sa video, nilagyan pa ito ng nakakatawang caption bago ipinasa sa group chat ng klase. Agad itong ikinatuwa ng iba—nagtawanan, nagkomento, at tila nag-enjoy sa panlilibak. Walang guro sa silid. Walang sinuman ang tumigil sa kanila. Naroon si Angela. Hindi siya natawa, pero hindi rin siya nagsalita. Pinili niyang manahimik.

Pamagat: Paninindigan Ko, Responsibilidad Ko

Panuto: Pag-aralan ang sitwasyon na nasa ibaba. Ipagpalagay mo na ikaw ay isa sa tauhan sa sitwasyon at sagutin ang mga sumusunod na katanungan at Isulat ito sa sagutang papel.

1. Paano mo ipinakita sa iyong sagot ang iyong pananagutan bilang isang indibidwal sa lipunan?

2. Ano ang mabuting epekto ng iyong piniling pagkilos sa sitwasyon—para sa iyong sarili at sa iba?

3. Bakit mahalagang manindigan sa tama, lalo na kung may kinalaman ito sa dignidad ng tao?